REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-02

KAUTUSANG BAYAN NA NAG-AATAS NG KAPARUSAHAN NG HALAGANG LIMAMPUNG PISONG (₱50.00) MULTA BUKOD SA GASTOS SA HUKUMAN O PAGKABILANGGO NG DALAWANG ARAW SA TAONG NAHATULAN NG PAGLABAG SA KAUTUSANG BAYAN NA NAGBABAWAL TUMAWID SA DAAN NG LABAS SA POOK TAWIRAN (JAYWALKING) AT NAG-AATAS NA MAGLAGAY NG MAAYOS NA MGA: (A) GUHIT NA TAWIRAN NG MGA TAO SA MGA ITINAKDANG TAWIRAN; (B) "APPROPRIATE SIGNS" NA NAGTATAGLAY NG MGA ALITUNTUNING DAPAT SUNDIN NG MGA PEDESTRIANS.

---

ITINALAGA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA NA :

TALATA I - ANG PARUSA SA HALAGANG LIMAMPUNG PISO (₱50.00) MULTA BUKOD SA GASTOS SA HUKUMAN O PAGKABILANGGO NG DALAWANG (2) ARAW O PAREHONG MULTA O PAGKABILANGGO SA MALAYANG PAGPAPASIYA NG HUKUMAN SA TAONG MAHATULAN NG PAGLABAG SA KAUTUSANG BAYAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA NA NAGBABAWAL NA TUMAWID SA DAAN NA LABAS SA POOK TAWIRAN.

TALATA II - INAATASAN ANG KINAUUKULAN NA MAGLAGAY NG MAAYOS NA MGA (A) GUHIT NA TAWIRAN NG MGA TAO SA MGA ITINAKDANG TAWIRAN; AT (B) NARARAPAT NA "SIGNS" NA NAGTATAGLAY NG MGA ALITUNTUNING DAPAT SUNDIN NG MGA "PEDESTRIANS.

TALATA III - LAHAT NG KAUTUSANG BAYAN NA TALIWAS SA MGA NILALAMAN NG UNANG TALATA NG KAUTUSANG ITO AY PINAWAWALANG BISA NG KAUTUSANG ITO.

TALATA IV - ANG KAUTUSANG BAYAN NA ITO AY MAGKAKABISA AGAD PAGKATAPOS MAPAGTIBAY AT MAITALA ANG SIPI NG SAMPUNG (10) ARAW SA "BULLETIN BOARD" BULWAGANG PAMBAYAN O SIMBAHAN.

ISINABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA SA KANILANG PANGKARANIWANG PULONG NGAYONG IKA-25 NG ABRIL 1988.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Pangulong Opisyal

* KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina 2

Kautusang Bayan Bilang 88-02

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal
Hindi Sumang-ayon

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal
Hindi Sumang-ayon

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal
Hindi Bumoto

* Ang nagmungkahi

RRC:vts